BASAHIN NANG MAIGI ANG MGA TAGUBILING ITO BAGO KUMPLETUHIN ANG PAHAYAG. ANG HINDI PAGSUNOD SA MGA TAGUBILING ITO AY MAAARING MAGING DAHILAN NG HINDI PAGKAKABILANG NG IYONG BALOTA.

Upang mabilang ang iyong Balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo, punan ang pahayag sa ibaba at pumirma sa linya sa itaas ng "Pirma ng Botante", at pumili ng isa sa mga sumusunod na opsiyon sa pagbabalik:

1. **Ihulog ang iyong pinirmahang pahayag sa isang lugar ng botohan sa loob ng County ng Santa Clara sa Araw ng Halalan.** Maaari mong ihulog ang iyong Pahayag Kaugnay ng Hindi Napirmahang Balota sa alinmang lokasyon ng botohan sa County ng Santa Clara **bago magsara ang botohan nang ika-8 ng gabi sa Araw ng Halalan.** Maaari mo ring ibalik ang iyong Pahayag Kaugnay ng Hindi Napirmahang Balota sa **isang lugar ng drop-off.** Pakibisita ang **www.sccvote.org** para sa isang **kumpletong listahan at iskedyul ng mga lugar ng drop-off.**

2. **Pumunta nang personal sa Opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante.** Maaari kang pumunta sa aming opisina sa direksiyon na makikita sa ibaba, Lunes hanggang Biyernes, ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon upang **PIRMAHAN** ang iyong orihinal na sobre ng balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo o ibalik ang Pahayag Kaugnay ng Hindi Napirmahang Balota. Dapat itong maisagawa **bago lumampas ang ika-5 ng hapon sa ikawalong araw pagkatapos ng halalan.**

3. **Ipadala ang iyong pinirmahang pahayag sa aming opisina sa kalakip na sobreng bayad na ang selyo.** Dapat matanggap ng aming opisina ang Pahayag Kaugnay ng Hindi Napirmahang Balota sa direksiyon sa ibaba **bago lumampas ang ika-5 ng hapon sa ikawalong araw pagkatapos ng halalan.** Hindi tatanggapin ang mga tatak ng koreo.

4. **I-fax ang napirmahang pahayag sa aming opisina. Dapat matanggap ng aming opisina** ang iyong pahayag na ipinadala sa pamamagitan ng fax **bago lumampas ang ika-5 ng hapon sa ikawalong araw pagkatapos ng halalan.** Ang numero ng fax ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo ay 1-408-293-6002.

PAHAYAG KAUGNAY NG HINDI NAPIRMAHANG BALOTA

Ako, si _____, ay isang rehistradong botante ng County ng Santa Clara, Estado ng California.
(Pangalan ng Botante)

Nanunumpa ako (o pinapatotohanan ko) na humiling at nagbalik ako ng balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo at ako ay hindi bumoto at hindi boboto sa mahigit sa isang balota sa halalang ito. Nauunawaan ko na kung gagawa o susubok ako ng anumang pandarayang may koneksiyon sa pagboto, o kung tutulong ako sa, o mag-uudyok ng pandaraya o kung susubukan kong tumulong sa, o mag-udyok ng, pandarayang may koneksiyon sa pagboto, maaari akong mahatulan ng isang mabigat na kasalanan na mapaparusahan ng pagkakakulong nang 16 na buwan o dalawa o tatlong taon. Nauunawaan ko na kapag hindi ko pinirmahan ang pahayag na ito, mawawalan ng bisa ang aking balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo.

(Pinirmahan) _____
Pirma ng Botante (hindi tatanggapin ang kapangyarihan ng abugado)

(Testigo) _____
Kung hindi makakapirma ang botante, maaari siyang gumawa ng markang dapat saksihan ng isang testigo.

Pinetsahan ngayong _____ araw ng _____, 2016.

Direksiyon ng tirahan: _____
Direksiyon ng Kalye Lunsod Kodigo Postal

Direksiyong Pangkoreo: _____
Direksiyon ng Kalye Lunsod Kodigo Postal

Santa Clara County Registrar of Voters
1555 Berger Drive, Building 2, San Jose, CA 95112
1-866-430-VOTE (Walang Bayad) - Fax 1-408-293-6002 - **www.sccvote.org**

Revised 2/18/2016